Nabibitbit na hagdanan/workbench

(1) Nabibitbit na Hagdanan/Workbench

[Nabibitbit na hagdanan]

Suriin natin ang bawat bahagi
- mga turnilyo, lumuluwag na pin, paglaglag
- mga bahaging nakakalas
- mga prop, hakbang ng hagdan, pagkakabago ng anyo ng mga bahagi, pinsala



Mga bagay na susundan

1. Suriin ang mga stopper, pangontra sa pagdulas ng paa, at telescopic fixing bracket, at huwag gumamit ng mga may sira.
2. Kailangang itayo ang hagdan sa isang horisontal na matatag na lugar.

(Nabibitbit na workbench)

Suriin natin ang bawat bahagi
- Mga maluluwag na turnilyo
- Mga bahaging nakakalas
- Mga nababaluktot/nabibitak na mga bahagi



Mga bagay na susundan

1. Suriin ang mga stopper, pangontra sa pagdulas ng paa, at telescopic fixing bracket, at huwag gumamit ng mga may sira.
2. Kailangang itayo ang hagdan sa isang horisontal na matatag na lugar.

(2) Mga pag-iingat para sa sa ligtas na paggamit ng nabibitbit na workbench

Mga walong tuntunin para sa nabibitbit na workbench)

Isagawa nang maayos ang pag-iinspeksyon sa simula bago ang magtrabaho.

Alamin kung naaangkop ang lokasyon ng instalasyon



Huwag bubuhatin ang mga kasangkapan o materyales.



Huwag umakyat at bumaba nang nakatalikod sa workbench.

Huwag magtatrabaho nang nakahilig palayo sa workbench.



Huwag gumawa ng counter-operation



Huwag tumalon mula sa isang bench patungo sa iba.

Koneksyon gamit ang mga nakalaang bahagi (ayon sa prinsipyo)



(3) Mga halimbawa ng aksidenteng dapat na pagtuunan ng pansin

1. Pagbagsak sa likod mula sa workbench

Sitwasyon ng kaganapan

Nakatalikod sa workbench na may hawak na kagamitan, nadulas at nahulog.



Mga bagay na susundan

1. Huwag umakyat at bumaba nang may dala sa isang kamay.
2. Huwag umakyat at bumaba nang nakatalikod sa workbench.
3. Umakyat at bumaba nang nakahawak ang isang kamay sa mga grab stick o pangunahing frame.

2. Pagkahulog nang alanganin ang posisyon

Sitwasyon ng kaganapan

Sa nabibitbit workbench, habang nagpipintura nang nakaupo, inikot ang katawan at sinubukang ibigay ang materyales sa isa pang trabahador na nasa gilid, at nawalan ng balanse at nahulog.



Mga bagay na susundan

1. Kapag may iniaabot na bagay, iabot ito nang direktang nakaharap sa taong pagbibigyan.
2. Huwag magtrabaho sa alanganing posisyon.
3. Huwag puwersahin na itulak o hilain ang dingding o ang isang bagay sa nabibitbit na workbench.

3. Pagkahulog mula sa isang workbench na nakapuwesto sa isang lugar na hindi patag

Sitwasyon ng kaganapan

Noong naglalagay ng nabibitbit na workbench, inilagay ito sa 15 cm na taas na kahon ang isang paa para ipatag sa kaibhan ng lebel ng sahig. Pagkatapos, noong sinusubukang tumuntong sa deck ng workbench, nawala ang balanse at nahulog ang trabahador mula sa workbench.



Mga bagay na susundan

1. Huwag ipapatong ang workbench sa isang patungan o kahon para pagpantayin ang taas.
2. Huwag ililipat ang workbench nang may mga bagay o tao sa tungtungan nito.

4. Pagkahulog dahil walang apakan

Sitwasyon ng kaganapan

Habang ginagamit ang workbewnch sa loob at para maglagay ng mga angkla sa kisame, nahulog ang trabahador mula sa workbench dahil mali ang posisyon at masyadong mataas ang kisame.



Mga bagay na susundan

1. Palaging mag-ingat sa paghakbang kapag nagtatrabaho sa tungtungan.
2. Gumamit ng workbench sa tamang taas.
3. Hindi dapat magtrabaho nang sabay ang dalawa o higit pa sa workbench.

5. Pagkahulog habang inilalagay ang nabibitbit na hagdanan sa workbench

Sitwasyon ng kaganapan

Dahil kulang sa taas ang workbench, naglagay ng nabibitbit na hagdan sa workbench, nahulog ang trabahador dahil nawalan ng balanse.



Mga bagay na susundan

1. Huwag magpatong ng nabibitbit na hagdanan o upuan sa workbench.
2. Ilagay ang workbench sa naaangkop na taas.
3. Huwag lumipat mula sa isang workbench patungo sa isa pa.